

**Kautusang Tagapagpaganap upang itatag
ang Illinois Emergency Management Agency and Office of Homeland Security,
at ang Illinois Homeland Security Advisory Council**

SAPAGKAT, ang Artikulo V, Seksyon 11 ng Saligang Batas ng Illinois ay nagpapahintulot sa Gobernador na muling itatag ang mga tungkulin o muling ayusin ang mga ahensya na direktang responsable sa kanya sa pamamagitan ng utos ng ehekutibo; at,

SAPAGKAT, isinasaad ng Seksyon 3.2 ng Executive Reorganization Implementation Act, 15, ILCS 15 (“Batas”), na ang “Muling Pagsasaayos” ay kinabibilangan, sa may kaugnayan na bahagi, (i) ng pagsasama-sama o koordinasyon ng anumang bahagi ng anumang ahensya o ng mga tungkulin nito sa anumang iba pang bahagi ng parehong ahensya o ng mga tungkulin nito, at (ii) ng koordinasyon ng lahat o ng anumang bahagi ng anumang ahensya, o ng lahat o anumang bahagi ng mga tungkulin nito, sa lahat o alinmang bahagi ng anumang ibang ahensya o ng mga tungkulin nito; at,

SAPAGKAT, isinasaad ng Seksyon 4 ng Batas na ang anumang utos ng ehekutibo na nagmumungkahi ng muling pagsasaayos ay maaaring magbago ng pangalan ng anumang ahensya na apektado ng isang muling pagsasaayos; at

SAPAGKAT, itinatag ng Homeland Security Act ng 2002 ang U.S. Department of Homeland Security (USDHS), isang pederal na departamento na ang pangunahing misyon ay pigilan ang, protektahan laban sa at tumugon sa mga pagkilos ng terorismo sa lupa ng Amerika at iba pang banta sa seguridad ng bayan; at,

SAPAGKAT, ang pamahalaang pederal ay may pangunahing responsibilidad para sa seguridad at kaligtasan ng bansa, ngunit dapat tiyakin ng mga opisyal ng estado at lokal ang kahandaan ng Illinois na pigilan ang, magprotekta laban sa, tumugon sa, at makabawi mula sa mga pag-atake ng terorista at iba pang banta sa seguridad ng bayan, at magrekomenda ng mga karagdagang hakbang kung kinakailangan; at,

SAPAGKAT, ang Illinois Emergency Management Agency (IEMA) ay isang ehekutibong ahensya na direktang responsable sa Gobernador, na nagpapatupad ng mga karapatan, kapangyarihan, tungkulin, at responsibilidad na pangunahing nagmula sa Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at Nuclear Safety Law ng 2004, 20 ILCS 3310; at,

SAPAGKAT, ayon sa Seksyon 5(c) ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang Direktor ng IEMA ay responsable sa pagpapatupad ng programa para sa pamamahala ng emerhensiya para sa Estado ng Illinois. Ang Direktor din ang tagapag-ugnay at nakikipagtulungan sa mga organisasyon ng pamamahala ng emerhensiya ng Estadong ito at ng iba pang mga estado at ng pamahalaang pederal; at,

SAPAGKAT, kasalukuyang pinangangasiwaan ng IEMA ang mga programa at patnubay sa lahat ng antas ng pamahalaan at mga ahensyang hindi pampamahalaan upang ang mga naturang entidad ay handa na harapin ang lahat ng mga panganib at banta, kabilang ang mga nauugnay sa seguridad ng bayan, upang maprotektahan ang kaligtasan at kalusugan ng publiko; at,

SAPAGKAT, ang IEMA ay responsable para sa pamamahala ng Illinois Emergency Operations Plan (IEOP) na nagtatatag ng istraktura kung saan kino-coordinate at pinamamahalaan ng pamahalaan ng estado ng Illinois ang pagtugon sa at pagbangon mula sa mga emerhensiya at sakuna. Ang IEOP ay nagbibigay ng mga patakaran, pamamaraan at mga alituntunin upang matiyak ang ligtas, mahusay at napapanahong mga aksyon upang matulungan ang mga komunidad na nangangailangan at isinasama ang mga plano ng suporta para sa pagtugon, pagbangon, pagpapatuloy ng mga operasyon at pagpapatuloy ng pamahalaan; at,

SAPAGKAT, noong 2003, ang Illinois Department of Nuclear Safety ay isinanib sa IEMA at ngayon ay kilala bilang IEMA Division of Nuclear Safety (IEMA-DNS); at,

SAPAGKAT, ang IEMA-DNS, bukod sa regulasyon ng paggamit at pagkakaroon ng ionizing radiation, ay ang nangungunang ahensya ng estado para sa pagtugon sa mga emerhensiya sa radiation, at sa tungkuling iyon, ay nagpapalano para sa mga insidente ng radiation kabilang ang paggamit ng mga radiological exposure device, radiological dispersal device, mga improvised na kagamitang nuklear, at mga insidente sa nuclear power plant na batay sa marahas na pagkilos; at,

SAPAGKAT, ang IEMA ay kasalukuyang State Emergency Response Commission (SERC) sa ilalim ng Illinois Emergency Planning and Community Right-to-Know Act. Ito ay nakikipag-ugnayan at tumutulong sa Local Emergency Planning Committees (LEPC) at sinisiyasat ang Chemical Safety Contingency Plans ng LEPC na nagtitiyak na ang mga lokal na pamahalaan at mga unang tumutugon ay handa sa mga panganib mula sa mga mapanganib na materyales at sila ay sinanay na tumugon; at,

SAPAGKAT, itinalaga ng Gobernador ang IEMA sa Federal Emergency Management Agency (FEMA) bilang entidad na magsisilbing administratibong ahensya ng estado [*state administrative agency*] (SAA). Sa katungkulang ito, ang IEMA ay responsable sa pagsasakatuparan ng mga pangangailangang pang-administratibo ng mga federal grant, kabilang ang pagsusumite ng aplikasyon ng grant at mga ulat ng progreso, nararapat na paglalaan ng pondo sa mga sub-applicant, at pagtiyak sa pagkumpleto ng mga deliverables. Ang IEMA ay responsable din sa pagtiyak na ang lahat ng nauugnay na stakeholder ay kasama sa proseso ng homeland security grant; at,

SAPAGKAT, hinihiling ng FEMA na ang lahat ng mga estado na tumatanggap ng mga pondo sa pamamagitan ng pederal na Homeland Security Grant Program ay magkaroon ng Senior Advisory Committee (SAC). Ang SAC ay isang advisory body na binubuo ng mga stakeholder mula sa iba't ibang ahensya at larangan ng pamahalaan upang tumulong na pagsamahin ang mga pagsisikap sa paghahanda sa buong komunidad. Ang SAC ay nagbibigay ng mga rekomendasyon sa SAA tungkol sa uri ng mga aktibidad na dapat suportahan ng FEMA grant; at,

SAPAGKAT, ang Illinois Terrorism Task Force, na itinatag sa pamamagitan ng Kautusang Tagapagpaganap 2003-17, ay nagsisilbing SAC ng Illinois at nakapagtatag ng isang aktibong pakikipagtulungan sa mga pampubliko at pribadong stakeholder mula sa lahat ng larangan at rehiyon ng Estado, upang mapadali ang koordinasyon ng mga rekurso at komunikasyon ng impormasyon na mahalaga upang labanan ang terorismo at iba pang banta sa seguridad ng bayan; at,

SAPAGKAT, ang USDHS ay nagsasagawa ng pagtatasa bawat dalawang taon ng kritikal na imprastruktura at pangunahing rekurso [*critical infrastructure and key resources*] (CIKR) sa buong bansa para matukoy ang pagiging kritikal, na ang mga pagtukoy ay nakasalalay sa pagkilala ng CIKR ng bawat estado at ito ay maaaring makaapekto sa mga rekurso ng Illinois na ibinibigay sa pamamagitan ng homeland security grant; at,

SAPAGKAT, ang IEMA ay hinirang ng Gobernador upang pangasiwaan ang National Incident Management System (NIMS) sa Illinois, na isang komprehensibo, pambansang paraan sa pamamahala ng insidente na naaangkop sa lahat ng mga antas ng hurisdiksyon at sa mga punsyonal na larangan. Ang NIMS ay naaangkop sa malawak na hanay ng mga potensyal na insidente kabilang ang mga insidente na nagsasangkot ang terorismo at iba pang banta sa seguridad ng bayan. Sa pamamagitan ng gawain nito, pinapabuti ng NIMS ang koordinasyon at kooperasyon sa pagitan ng mga pampubliko at pribadong entidad, at nagbibigay ng isang karaniwang pamantayan para sa pangkalahatang pamamahala ng insidente; at,

SAPAGKAT, bawat estado, komonwelt, teritoryo, at ang Distrito ng Columbia ay may homeland security advisor; at,

SAPAGKAT, alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap 2003-17, ang Gobernador ay nagtatalaga ng Homeland Security Advisor para sa Estado ng Illinois; at,

SAPAGKAT, nasa pinakamainam na interes ng mga mamamayan ng Illinois na pagsamahin ang mga aktibidad ng pamamahala sa emerhensiya at ng state homeland security sa buong Illinois at magkaroon ng malinaw na pagsisikap sa koordinasyon para sa lahat ng antas ng pamahalaan at publiko, kabilang ang ngunit hindi limitado sa pagtatatag ng isang solo na pangunahing nauugnay na ahensya ng estado para sa pagtukoy ng CIKR sa Illinois, pag-aaral ng mga epekto

mula sa natural, dulot ng tao o teknolohikal na mga sakuna sa CIKR, pagsasagawa ng magkasanib na pagtatasa ng panganib, o koordinasyon ng input mula sa pang-estado, lokal, pederal, pribado at di-pampamahalaan na mga organisasyon sa isang listahan ng CIKR ng estado; at,

SAPAGKAT, ang IEMA ay ang tagapangasiwa ng plano ng Gobernador para sa kahandaan sa emerhensiya, pagtugon, at pagbangon, at kasalukuyang may umiiral na istraktura ng pamamahala at mga rekurso upang mapadali ang koordinasyon ng mga aktibidad ng state homeland security sa buong Illinois at kasalukuyang nagsasagawa ng mga aktibidad na may kaugnayan sa seguridad ng bayan;

NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, sa bisa ng kapangyarihan at awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Saligang Batas at ng mga batas ng Estado ng Illinois, upang maipatupad ang isang malinaw na pagsusumikap sa koordinasyon para sa pamamahala ng emerhensiya at seguridad ng bayan gamit ang mga kasalukuyang rekurso ng Estado hangga't makatwirang maisasagawa, iniuutos ko ang mga sumusunod na magkabisaya gaya ng inilaan sa ibaba sa talata VII.B:

I. PAGTATATAG NG ILLINOIS EMERGENCY MANAGEMENT AGENCY AND OFFICE OF HOMELAND SECURITY

- A. Ang Illinois Emergency Management Agency ay pinalitan ng pangalan bilang “Illinois Emergency Management Agency and Office of Homeland Security” (IEMA & OHS). Ipagpapatuloy ng IEMA & OHS ang mga misyon na ipinag-uutos sa ilalim ng Illinois Emergency Management Agency Act at Nuclear Safety Law ng 2004 at lahat ng iba pang mga kaugnay na batas, pati na rin ang mga regulasyon na ipinahayag sa ilalim nito. Maliban kung hindi ipinahiwatig sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang mga kapangyarihan, tungkulin, karapatan at responsibilidad na dating ipinagkaloob o nauugnay sa Illinois Emergency Management Agency ay ipagkakaloob o iuugnay sa IEMA & OHS at hindi maapektuhan ng pagpapalit ng pangalan sa IEMA & OHS. Bilang karagdagan, ang IEMA & OHS ay magpapatuloy na bumuo at mag-coordinate sa pagpapatupad ng isang komprehensibong estratehiya ng estado upang i-coordinate ang pamamahala sa emerhensiya at mga aktibidad sa seguridad ng bayan sa buong Illinois.
- B. Ang kasalukuyang Direktor ng IEMA ay magsisilbing Direktor ng IEMA & OHS at ang lahat ng mga tauhan ng IEMA ay magsisilbi sa kanilang mga kasalukuyang posisyon sa ilalim ng bagong pangalan, maliban kung iba ang itinakda sa Kautusang Tagapagpaganap na ito.
- C. Ang IEMA & OHS sa simula ay bubuuin ng isang Office of Homeland Security na pinamumunuan ng isang Deputy Director para sa Homeland Security, isang Office of Emergency Management na pinamumunuan ng isang Deputy Director para sa Emergency Management, isang Division of Operations, Division of Recovery, at Division of Nuclear Safety sa loob ng Office of Emergency Management, at iba pang mga Opisina, Dibisyon, mga yunit ng organisasyon, at mga punsyonal na aspeto na itinuturing ng Direktor ng IEMA & OHS na kinakailangan upang maisakatuparan ang mga misyon ng IEMA & OHS. Ang kasalukuyang Deputy Director ng IEMA ay magsisilbing Deputy Director para sa Emergency Management. Ang Direktor ng IEMA & OHS ay maaaring mag-organisa ng mga Opisina, Dibisyon, iba pang mga yunit ng organisasyon, mga punsyonal na aspeto, at kanilang mga tauhan sa loob ng IEMA & OHS na sa tingin niya ay nararapat at sa pinakamabuting interes ng Estado, na naaayon sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, sa naaangkop na batas at sa anumang naaangkop na collective bargaining agreement.

II. PAGTATALAGA NG GOBERNADOR SA HOMELAND SECURITY ADVISOR; KOORDINASYON SA ILLINOIS EMERGENCY MANAGEMENT AGENCY AND OFFICE OF HOMELAND SECURITY

- A. Ang Gobernador ay magtatalaga ng isang Homeland Security Advisor upang makipag-ugnayan sa mga ahensya ng pampublikong kaligtasan sa antas ng gabinete sa buong Illinois sa mga usapin sa estratehiya at polisiya na may kinalaman sa mga

banta at kahinaan sa seguridad ng bayan at mga isyu na nauugnay sa terorismo, at upang payuhan ang Gobernador o ang designee ng Gobernador hinggil sa mga usapin sa estratehiya at polisiya. Ang kasalukuyang Homeland Security Advisor ay magpapatuloy sa paglilingkod sa ganoong katungkulan hanggang sa panahong ang isang bagong Homeland Security Advisor ay itinalaga.

- B. Ang IEMA & OHS ay makikipag-ugnayan sa Homeland Security Advisor upang suportahan ang pagpapatupad ng lahat ng mga aktibidad sa seguridad ng bayan at pamamahala ng emerhensiya, na naaayon sa mga estratehiya at polisiya na itinatag sa pamamagitan ng prosesong inilalarawan sa talata II.A ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, upang matugunan ang mga banta at kahinaan ng Illinois. Ang nasabing pagpapatupad ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, pagtugon sa mga lehislatibong isyu, pakikipag-ugnayan sa mga pederal at lokal na ahensya, pag-eensayo at pagsasanay, pagpopondo ng pederal at estado, at pagmemensahe sa komunikasyon sa panganib ng publiko.
- C. Ang Homeland Security Advisor ay mangangasiwa sa mga weapons of mass destruction teams, na maaaring i-deploy ng Gobernador sakaling may pag-atake ng terorista upang tulungan ang mga lokal na responder at upang i-coordinate ang pagbibigay ng karagdagang mga rekurso ng Estado. Ang Office of Homeland Security ng IEMA & OHS, sa pakikipagtulungan sa Homeland Security Advisor, ay magtataguyod ng naaangkop na protokol, paglalagay ng mga tauhan, pagsasanay at mga alituntunin sa kagamitan para sa mga weapons of mass destruction teams.

III. KARAGDAGANG MGA KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN NG ILLINOIS EMERGENCY MANAGEMENT AGENCY AND OFFICE OF HOMELAND SECURITY

Ang mga hindi nagastos na balanse ng mga obligasyon sa pondo, awtoridad sa paglalaan at iba pang pederal, pang-estado, at espesyal na mga pondo ng estado na kasalukuyang magagamit ng IEMA, ay magagamit ng IEMA & OHS sa at pagkatapos ng petsa ng pagsisimula ng Kautusang Tagapagpaganap na ito.

- B. Ang IEMA & OHS ay magsisilbing administratibong ahensya ng estado [*state administrative agency*] (SAA). Sa katungkulan ito, ang IEMA & OHS ay responsable sa pagsasakatuparan ng mga pangangailangang pang-administratibo ng mga federal grant na pinangangasiwaan ng Federal Emergency Management Agency (FEMA), kabilang ang pagsusumite ng aplikasyon ng grant at mga ulat ng progreso, nararapat na paglalaan ng pondo sa mga sub-applicant, at pagtiyak sa pagkumpleto ng mga deliverables. Ang IEMA & OHS ay responsable din sa pagtiyak na ang lahat ng nauugnay na stakeholder ay kasama sa proseso ng homeland security grant.
- C. Pamamahalaan ng IEMA & OHS ang mga programa ng estado sa pagtatasa ng panganib sa mga kritikal na imprastruktura, kabilang ang inilalarawan sa ibaba sa talata III.D ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, sa pakikipag-ugnayan sa lahat ng iba pang mga ahensya, mga lupon at mga komisyon ng estado.
- D. Ang IEMA & OHS, sa pakikipagtulungan sa Homeland Security Advisor, Illinois State Police, Illinois Environmental Protection Agency, Illinois Department of Public Health, Illinois Department of Innovation & Technology, Illinois Department of Central Management Services, Office of the State Fire Marshal, at anumang iba pang mga ahensya ng estado, mga lupon, mga komisyon, mga lokal na pamahalaan at mga ahensya ng pederal kung kinakailangan, ay magtatatag ng isang iskedyul, pamamaraan at proseso para sa:
 - a. pagtukoy ng mga kritikal na imprastruktura sa estado ng Illinois;
 - b. pagsasagawa ng mga pagtatasa ng kritikal na imprastruktura;
 - c. pag-iingat at pagprotekta sa impormasyon ng pagtatasa sa pamamagitan ng mga polisiya sa protektadong impormasyon ng kritikal na imprastruktura; at
 - d. pagbuo ng isang pang-estadong pagtatasa ng kahinaan/panganib upang matugunan ang mga estratehiya sa prebensyon, proteksyon at mitigasyon upang mapahusay ang katatagan ng buong komunidad.

- E. Hangga't pinahihintulutan ng batas, ang Direktor ng IEMA, at sa at pagkatapos ng petsa ng pagsisimula ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang Direktor ng IEMA & OHS, sa pakikipagtulungan sa Homeland Security Advisor, ay pinahihintulutan na gawin ang lahat ng naaangkop na mga aksyon, kabilang ang paggawa ng regulatoryo at administratibong mga pagbabago sa ilalim ng Illinois Emergency Management Agency Act at Nuclear Safety Law ng 2004, upang ipatupad ang Kautusang Tagapagpaganap na ito. Ang Direktor ng IEMA, at sa at pagkatapos ng petsa ng pagsisimula ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang Direktor ng IEMA & OHS, sa pakikipagtulungan sa Homeland Security Advisor, ay magbibigay din ng mga rekomendasyon sa Tanggapan ng Gobernador at sa General Assembly para sa karagdagang batas na may kaugnayan sa pagpapatupad ng Kautusang Tagapagpaganap na ito.

IV. PAGTATATAG NG ILLINOIS HOMELAND SECURITY ADVISORY COUNCIL

- A. Ang Kautusang Tagapagpaganap 2003-17 ay binabawi, at ang Illinois Terrorism Task Force ay pinalitan ng pangalan bilang "Illinois Homeland Security Advisory Council" (IL-HSAC) at itinatag bilang isang permanenteng lupon na nag-uulat sa Homeland Security Advisor at pinagkalooban ng mga kapangyarihan at tungkulin na inilarawan dito.
- B. Ang kasalukuyang mga miyembro ng Illinois Terrorism Task Force ay itinalaga bilang mga miyembro ng IL-HSAC. Ang mga karagdagang miyembro ng IL-HSAC ay maaaring italaga sa nominasyon ng Homeland Security Advisor at sa pag-apruba ng Gobernador.
- C. Ang mga miyembro ng IL-HSAC ay maglilingkod nang walang bayad, ngunit maaaring makatanggap ng reimbursement sa pagbibiyaha at panunuluyan ayon sa pinahihintulutan ng naaangkop na mga alituntunin ng estado o pederal.
- D. Ang Homeland Security Advisor ay magsisilbing Tagapangulo ng IL-HSAC. Ang Homeland Security Advisor ay maaaring magtalaga ng isa o higit pang mga tao upang isagawa ang mga administratibong tungkulin ng IL-HSAC. Ang Homeland Security Advisor ay mag-uulat sa Gobernador o sa designee ng Gobernador sa lahat ng mga aktibidad ng IL-HSAC.

V. MGA KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN NG ILLINOIS HOMELAND SECURITY ADVISORY COUNCIL

- A. Ang IL-HSAC, bilang isang lupon ng tagapagpayo sa Homeland Security Advisor, ay bubuo at gagawa ng mga rekomendasyon hinggil sa estratehiya ng Estado sa paghahanda sa domestikong terorismo.
- B. Ang IL-HSAC ay gagawa ng mga rekomendasyon sa IEMA & OHS at sa Homeland Security Advisor na may kaugnayan sa naaangkop na pagsasanay ng mga opisyal ng lokal, rehiyon at Estado upang tumugon sa mga insidente ng terorista na kinasasangkutan ng mga kumbensyonal, kemikal, biyolohikal at/o nuklear na mga armas.
- C. Ang IL-HSAC ay maghahanap ng naaangkop na input mula sa mga pederal na ahensya, kabilang ngunit hindi limitado sa United States Department of Justice, Federal Bureau of Investigation, Federal Emergency Management Agency, United States Department of Health and Human Services, at United States Department of Homeland Security.
- D. Ang IL-HSAC ay magsisilbing Illinois Senior Advisory Committee (SAC) kaugnay ng mga pondong natanggap sa pamamagitan ng pederal na Homeland Security Grant Program. Sa katungkulan iyon, ang IL-HSAC ay magbibigay ng mga rekomendasyon sa IEMA & OHS at sa Homeland Security Advisor sa mga isyu na may kaugnayan sa aplikasyon para sa at paggamit ng lahat ng naaangkop na pederal

na pondo na nauugnay sa pagpigil, pagprotekta laban sa, pagpapagaan, pagtugon sa at pagbangon mula sa gawain ng terorismo at iba pang pagbabanta.

- E. Ang IL-HSAC ay magbibigay ng mga rekomendasyon sa IEMA & OHS at sa Homeland Security Advisor sa mga isyu na may kaugnayan sa aplikasyon para sa at paggamit ng lahat ng naaangkop na pondo ng Estado at iba pang mga pondo na maaaring naaangkop at magagamit na may kaugnayan sa seguridad ng bayan.
- F. Ang IL-HSAC ay magbibigay ng mga rekomendasyon sa IEMA & OHS at sa Homeland Security Advisor sa mga isyu na may kaugnayan sa pagiging handa sa kaligtasan ng publiko at tulong sa kapwa upang isama ang mga estratehiya at taktika para i-coordinate ang pagtugon ng maraming ahensya sa mahahalagang kaganapan, gawain ng terorismo o mga natural na sakuna kung saan kailangan ang koordinasyon ng mga lokal, pang-estado at pribadong rekurso.
- G. Ang IL-HSAC ay bubuo ng mga karagdagang rekomendasyon na may kaugnayan sa koordinasyon ng mga rekurso ng pampublikong kaligtasan at paglaban sa terorismo sa Illinois at ihaharap ang mga naturang rekomendasyon sa Homeland Security Advisor.
- H. Irerekomenda ng IL-HSAC sa IEMA & OHS at sa Homeland Security Advisor ang anumang mga pagbabago sa mga batas ng estado ng Illinois, mga regulasyong pang-administratibo, o sa Illinois Emergency Operations Plan, na, sa pananaw nito, maaaring kailanganin upang makamit ang itinatag nitong mga layunin.
- I. Ang Homeland Security Advisor ay magsusumite ng taunang ulat sa Gobernador sa ika-1 ng Marso ng bawat taon. Idedetalye ng ulat ang mga aktibidad, mga nagawa at rekomendasyon ng IL-HSAC sa nakaraang taon.

VI. PANGLIGTAS NA SUGNAY; PAGHIHIWALAY

Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng anumang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa nito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring ihiwalay.

VII. PAGHAHAIN AT PAGHAHATID; PETA SA NG PAGSISIMULA

- A. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay ihahain sa Kalihim ng Estado. Ang isang kopya ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay ihahatid sa Kalihim ng Senado at sa Klerk ng Kapulungan ng mga Kinatawan at, para sa layunin ng paghahanda ng isang panukalang batas, sa Legislative Reference Bureau.
- B. Kung walang isa man sa kapulungan ng General Assembly ang hindi sumasang-ayon sa Kautusang Tagapagpaganap na ito sa pamamagitan ng rekord na boto ng mayorya ng mga miyembrong nahalal, ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa 60 araw pagkatapos nitong maihatid sa General Assembly.

JB Pritzker, Gobernador